# 日本民家園　NIHON MINKAEN

## Maligayang Pagdating sa Nihon Minkaen

Ang tradisyonal na arkitektura sa bansang Hapon ay kilala sa buong mundo dahil sa kagandahan at tungkulin nito, at ang loob ng KOMINKA (katutubong tahanan) ay katunayan ng kakanyahan nito.

Upang pangalagaan ang mga ganitong mahahalaga at makasaysayang likha, ang Kawasaki city ay lumikom ng mga Kominka mula sa buong bansang Hapon, at nagtatag ng NIHON MINKAEN noong 1967. Sa kasalukuyan, may 25 na makasaysayang likha kasama ang watermill, entablado ng Kabuki sa kabukiran at naka-display din ang mga kasangkapan ng magsasaka at kagamitan pang-araw araw sa loob ng Kominka upang ipakita ang estilo ng nakalipas na panahon.

Sa Eksibisyon Hall sa Museum house ay nagbibigay ng paliwanag kung paano itinayo, paano idinisenyo ang mga Kominka, at kung paano ang pamumuhay ng mga taong nakatira doon sa pamamagitan ng larawan upang madaling intindihin.



**Bahay ng Pamilya Ito bago ng paglipat**

(Kanahodo, Asao ward, Kawasaki City) Kauna-unahang Kominka na inilipat sa Minkaen.

## Mga eksibit sa loob ng Museum House

## Entrance Hall

Mapa ng orihinal na lokasyon ng mga Kominka.



## Eksibisyon room

1. Katutubong tahanan sa bansang Hapon
   a. Panimula　b. Kaayusan ng kuwarto sa Kominka
   c. Istraktura/pagkakagawa ng Kominka　d. Hugis ng bubong

2. Paggawa ng Kominka
   a. Pagtutulungan　b. Konstruksyon
   c. Kagamitan para sa seremonya

3. Kinatatayuan ng Kominka
   a. Sa Patag na lupa　b. Sa bundok
   c. Sa tabing dagat　d. Sa Bayan

4. Araw at Gabi sa Kominka
   a. Trabaho sa Silong/Lupa (earth floor)
   b. Trabaho sa gabi　c. Pangkaraniwang araw ng magsasaka

5. Apoy at Tubig sa Kominka
   a. Apoy　b. Tubig





## Bahay ng Pamilya Hara

**(Mahalaga at makasaysayang pag-aari ng Kawasaki City)**

Itong tahanan nang panahon ng Meiji (1868～1912) ay dati nang nasa Kawasaki City , Kanagawa prefecture. Sa kasalukuyan ay ginagamit ito bilang conference room o training room, at para sa mga eksibisyon ng ibento sa buong taon.

## 1. Bahay ng pamilya Suzuki

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang Umayado (otel para sa mga komersyante ng kabayo) ay ginawa noong simula ng ika-19 na siglo sa isang inn town, Fukushima prefecture. Ang UMAYADO ay pansamantalang tinutuluyan ng mga komersyante ng kabayo at ng kabayo nila sa kanilang paglalakbay upang ibenta ang mga ito. Sa silong ang mga kabayo, at sa entresuelo ng ikalawang palapag naman ang mga komersyante. Kung ang komersyante ay mayaman, puwedeng tumira sila sa silid pambisita na nasa likod ng bahay.

## 2. Bahay ng pamilya Ioka

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang bahay ng mangangalakal ay itinayo sa Nara City, Nara prefecture. noong katapusan ng ika-17 siglo. Ang bahay na ito ay tindahan ng langis noong unang panahon hanggang sa naging tindahan ito ng insenso. Ang tipikal na tahanan ng mangangalakal sa panahong ito ay yari sa baldosadong bubong, pader na plaster, at ang malaki at nakabitin na pintuan sa kaliwang bahagi ng lattice work at de-tiklop na beranda.

## 3. Tarangkahan at Tomomachi (hintayan ng lingkod ng bisita) ng Pamilya Saji

(Mahalaga at makasaysayang pag-aari ng Kawasaki City.)



Ang tarangkahang ito ay ginawa bilang tarangkahan ng Samurai sa bandang kalagitnaan ng ika-19 siglo. Ang orihinal na lokasyon nito ay Nagoya City, Aichi prefecture. Noong panahon ng pyudalismo ng Hapon, ang mga Samurai ay nasa dominanteng klase. Bilang sagisag/simbolo ng Samurai, sila lamang ang pwedeng magkaroon ng tarangkahang ito dahil ito ay ipinagbabawal naman sa pangkaraniwang tao. Ang gusaling nasa tabi ng tarangkahan ay ginagamit bilang hintayan ng lingkod ng bisita.

## 4. Bahay ng pamilya Misawa

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang tahanang ito ay itinayo noong kalagitnaan ng ika-19 siglo sa isang post town, Nagano prefecture. Ang ninuno ng dating may-ari ng bahay nito ay KUMIGASHIRA (alalay ng punong ng bayan) na ilang beses din naglingkod nang ilang mga henerasyon. Ang pagkagawa ng gusaling ito ay matibay at tradisyonal. Gayundin ang bubong ng pawid na may mga batong nakapatong sa itaas nito ay lokal na katangian.

## 5. Watermill (gilingan ng palay)

(Mahalaga at makasaysayang pag-aari ng Kawasaki City)



Ang kubong ito ay itinayo noong kalagitnaan ng ika-19 siglo sa Nagano prefecture. Sa mga araw na ito kaunti na lang ang natitirang ganitong uri ng watermill sa loob ng bansang Hapon. Dito makikita ang gumaganang gilingan, mortar at pambayo na gawa sa kahoy.

## 6. Bahay ng pamilya Sasaki

(Itinalagang Pambansang mahalaga at kultural na pag-aari )



Itinayo ang bahay na ito ng pinuno ng bayan noong mga 1731 sa Nagano prefecture. Para sa mga Pagkatapos itayo ito ng may 15 taon ang lumipas, nagdagdag ng dalawang kuwartong pambisita, banyo at lababo sa likuran panatatanging bisita. Simple lang ang itsura nito dahil hindi masyadong marami ang niyebe/yelo sa lugar na ito bagama't tunay na napakaginaw sa panahon ng taglamig.

## 7. Bahay ng pamilya Emukai

(Itinalagang pambansang mahalaga at kultural na pag-aari )



Ang tahanang bahay na may estilong 'Gasshou Zukuri' (bahay na may matarik na bubong ) ay itinayo noong simula ng 18 siglo sa isang bayan, Toyama prefecture. Bayang ito ay kilala bilang tirahan ng mga takas na HEIKE (isang kilalang angkan ng Samurai noong panahon ng pyudalismo) Dahil napakarami ang niyebe sa mga lugar nito, kinailangang matarik ang mga bubong upang maiwasan ang pagbagsak ng bahay dahil sa bigat ng niyebe/yelo.

## 8. Bahay ng pamilya Yamada

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang bahay na ito na may estilong 'Gassyou Zukuri' ay itinayo noong simula ng ika-18 siglo sa mga pagitan ng bundok, Toyama Prefecture at tinawag itong Katsura-mura. Nawala ang Katsura-mura dahil sa paggawa ng patubigan/dam, at ito ang bahay na nalalabi sa bayang ito. Ang kakaibang katangian ng bahay na ito ay ang mataas na palapag nito. Ito ay upang makagawa ng pulbura bilang buwis para sa pyudal na kaharian.

## 9. Bahay ng pamilya Nohara

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang bahay na ito na may estilong 'Gasshou Zukuri' ay itinayo sa pagitan ng bundok na nasa mabundok na lugar, Toyama prefecture noong katapusan ng ika-18 siglo. Ang kuwarto nito na tinatawag na 'HIROMA' ay may dalawang IRORI (mababang apuyan) at sahig na gawa sa kahoy, at nagsisilbi ito bilang salas at kusina. Ang Hidana (istante na nakakabit sa itaas ng IRORI ) ay ginagamit sa pagpapatuyo ng mga bagay sa pamamagitan ng pagpatong sa itaas nito. Para sa beams sa itaas ng Irori. ang mga punong baluktot, na nasa matarik na lugar ) ay ginagamit. Ito ay nagbibigay ng parehong tibay at kagandahan sa bahay na ito. Isang natatanging katangian ng bahay sa rehiyon ng Toyama ay ang pagkakaroon ng Buddhist altar.

## 10. Bahay ng pamilya Yamashita

(Itinalagang Mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)

Ang bahay na ito na may estilong Gasshou zukuri ay itinayo noong simula ng ika-19 siglo sa Shirakawa mura, Gifu prefecture. Pagkatapos, inilipat ito sa Kawasaki City at bago ito inilipat sa Minkaen, ginamit ito bilang isang Japanese restaurant. Ang attic ng bahay na ito ay ginamit sa pangangalaga ng silkworm at imbakan ng pagkain at kahoy.



## 11. Bahay ng pamilya Sakuda

(Itinalagang pambansang mahalaga at kultural na pag-aari)

Ang bahay na ito ay itinayo noong katapusan ng ika-17 siglo sa isang bayan ng mangingisda, Chiba prefecture at pag-aari ito ng isang pinuno ng mangingisda. Ang estilo ng bahay na ito ay tinatawag na 'BUNTOU', nakahiwalay ang ridge ng bubong sa pangunahing bahagi at bahagi ng silong. Nakakabit ang alulod na gawa sa mahaba at matabang kahoy sa magkarugtong na dalawang bubong. Pagmasdan ang napakagandang pagkakabit-kabit ng mga tangkay sa itaas ng sala. Ang mga nakapalipit na kahoy ay mahusay ang pagka-ayos.



## 12. Mataas na Bodega sa Okinoerabu Island

(Importante at makasaysayang monument ng Kawasaki City)

Ang mataas na bodegang ito ay tinatawag na TAKAKURA , at itinayo sa isang island sa Amami, Kagoshima prefecture. Mataas ang mga poste nito upang protektuhan ang mga butil/binhing palay na naka-imbak sa atik mula sa mga daga at kahalumigmigan. Ito ay itinayo noong ika-19 na siglo.



## 13. Bahay ng pamilya Hirose

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)

Ang bahay na ito na may bubong ng kabalyete ay itinayo noong katapusan ng ika-17 na siglo sa Shioyama, Yamanashi prefecture. May mga labi ng lumang panahon ang istraktura ng bahay na ito. Halimbawa, ang istraktura nito ay may dalawang poste na tinatawag na 'TORII BASHIRA' sa lapag, at walang sahig sa salas. Bukod dito, ang kuwarto ay napapaligiran ng mga pader, at halos walang bintana para sa panggalingan ng liwanag.



## 14. Bahay ng pamilya Ōta

(Itinalagang pambansang mahalaga at kultural na pag-aari)

Ang bahay na ito na may estilong "BUNTO (nahahati sa dalawa)" ay dating nasa Kasama City, Ibaraki prefecture. Ang bahay na ito ay binubuo ng pangunahing gusali (ginawa noong ika-17 siglo)at kusina na walang sahig (pagkatapos ng 100 taon) Ang ganitong klase ng bahay ay nakikita sa mga mainit na lugar malapit sa gilid ng karagatang pasipiko ng bansang Hapon.



## 15. Bahay ng pamilya Kitamura

(Itinalagang pambansang mhalaga at kultural na pag-aari )



Ang bahay na ito ng magsasaka ay itinayo sa Hadano city, Kanagawa prefecture. Nang gibain ito upangb ilipat sa kasalukuyang lugar, natagpuan ang isang bahagi ng troso kung saan nakasulat ang "1687" at ang pangalan ng karpintero. Ang pangunahing katangian ng bahay na ito ay ang sahig sa sala na gawa sa kawayan. Ang disenyong ito ay nakapagbibigay ng preskong hangin sa kuwarto.

## 16. Bahay ng Pamilya Kiyomiya

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang bahay na ito ng magsasaka na yari sa estilong sarado ay itinayo noong katapusan ng 17 siglo sa Noborito, Kawasaki City, Kanagawa prefecture. Ang liwanag sa bahay na ito ay nagmumula sa tatlong bintana lamang. Mayroong may sahig at walang sahig ay nahahati ng lattice. Ang mga ito ay katangian ng bahay ng magsasaka noong simula ng Edo period.(1603～1867)

## 17. Bahay ng pamilya Itō

(Pambansang mahalaga at kulturang pag-aari )



Ang bahay na ito ay pag-aari ng mga Nanushi (pinuno ng bayan) na itinayo noong katapusan ng 17 siglo hanggang sa simula ng 18 siglo. Dati itong nasa hilagang-kanluran sa Kawasaki City. Ang lattice na nakikita sa harap ng bahay ay tinatawag na SHISHIMADO o SHISHIYOKE, at ito ay nagsisilbing harang upang hindi makapasok ang mga lobo at baboy-damo sa loob ng bahay.

## 18. Dambana ng Kokagesan

(Mahalaga at makasaysayang monumento ng Kawasaki City)



Ang Kokagesan ay diyos na pinaniniwalaan ng magsasaka ng silkworm. Ang dambana ay itinayo noong 1860s sa Kawasaki City, Kanagawa prefecture. Nakalagay sa loob ng dambana ang isang maliit na palasyo at sa tagiliran nito ay mayroong mga inukit na alamat ng Kokagesan.

## 19. Bahay ng Pamilya Iwasawa

(Itinalagang mahalaga at kultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang bahay na ito ng magsasaka ay nasa isang bayan sa paanan ng silangan ng mga bundok ng Tanzawa, Kanagawa prefecture. itinayo noong katapusan ng ika-17 siglo. Binubuoi ito ng tatlong kuwarto na may sahig at isang kuwarto na walang sahig. Ang klaseng ng floor plan na ito ay tipikal na katangian ng mga bahay sa Kanagawa prefecture. Nang panahon na ito.

## 20. Entablado sa Funakoshi (Entablado para sa Kabuki play)

(Itinalagang pambansang mahalaga, konkreto at katutubong kulturang pag-aari)



Ang entablado na ito ay napapaligiran ng mga mekanismo na magagamit sa pagtatanghal ng Kabuki play. Itinayo sa isang bayan ng mangingisda sa peninsula ng Shima, Mie prefecture. noong 1857. Ang pagpapatakbo ng entablado ay pinamumunuhan ng mga kabataan ng bayan.

## 21. Sendo-goya (kubo ng mamamangka) sa Suge

(Mahalaga at makasaysayang monumento ng Kawasaki City)



Ang kubo na ito ay itinayo noong 1929. Dati itong nasa pampang ng Ilog ng Tama sa Kawasaki City, Kanagawa prefecture. Ang kubong ito ay ginamit ng mga mamamangka bilang lugar ng pamamahinga, hintayan ng mga pasahero at nagsisilbing tore ng pagmamasid sa mga dadaong at papalaot na bangka.

## 22. Bahay ng pamilya Kudō

(Itinalagang pambansang mahalaga at kultural na pag-aari)




Ang bahay na ito ng magsasaka ay itinayo sa Shiwa district, Iwate prefecture noong kalagitnaan ng ika-18 siglo. Ang mga bahay na may ganitong hugis "L" ay tinatawag na MAGARIYA (nakalikong bahay). Karamihan, ang mga bahay na ganito ang yari ay matatagpuan sa rehiyon ng Touhoku (bahaging hilagang-silangan sa bansang Hapon). Ang pangunahing bahagi ng bahay ay tirahan ng tao at ang ibang bahagi nito at kuwadra ng kabayo.

## 23. Bahay ng pamilya Sugawara

(Itinalagang mahalaga atkultural na pag-aari ng Kanagawa prefecture)



Ang bahay ng magsasaka na ito ay itinayo sa paanan ng bantog at banal na bundok ng Asahi Village, Yamagata prefecture. (bahaging hilagang-silangan sa bansang Hapon) noong katapusan ng ika-18 siglo. Ang estilo ng bubong nito ay tinatawag na 'YOSEMUNE ZUKURI'. Kapag mataas ang niyebe/yelo sa panahon ng ag-lamig, ang bintana sa bubong ay nagsisilbing lagusan upang pumasok at lumabas sa bahay.




1. Bahay ng Pamilya Suzuki
2. Bahay ng Pamilya Ioka
3. Tarangkahan at Tomomachi (hintayan ng lingkod ng bisita) ng Pamilya Saji
4. Bahay ng Pamilya Misawa
5. Watermill
6. Bahay ng Pamilya Sasaki
7. Bahay ng Pamilya Emukai
8. Bahay ng PamilyaYamada
9. Bahay ng Pamilya Nohara
10. Bahay ng Pamilya Yamashita
11. Bahay ng Pamilya Sakuda
12. Mataas na Bodega sa Okinoerabu Island
13. Bahay ng Pamilya Hirose
14. Bahay ng Pamilya Ōta
15. Bahay ng Pamilya Kitamura
16. Bahay ng Pamilya Kiyomiya
17. Bahay ng Pamilya Itō
18. Dambana ng Kokagesan
19. Bahay ng Pamilya Iwasawa
20. Entablado sa Funakoshi
21. Sendōgoya (kubo ng mananawid) sa Suge
22. Bahay ng Pamilya Kudō
23. Bahay ng Pamilya Sugawara


## Mga gawa sa bato

### Koushin Tō

Gabi ng Koushin(Eto(sagisag ng mga pangkat ng bituin)-dumarating isang beses sa loob ng 60 araw). Ang alamat na ito ay tungkol sa insektong "Sanshi" na naninirahan sa loob ng katawang tao. Sa gabing ito ay lumalabas ang insekto mula sa tao upang isumbong sa diyos ang kasalanang nagawa nito. Dahil sa paniwala ng mga tao tungkol sa alamat na ito, ang mga tao ay hindi natutulog at nagtitipon tuwing gabi ng Koushin. Ang Kousin tou ay tower na simbolo at monumento ng paniniwala.

### Roku Jizō

Roku Jizō (anim na istatwang gawa sa bato) ay mga buda na nasa 6 na mundong patutunguhan ng mga namamatay. Ang Roku Jizō ay tumutulong upang iligtas ang mga sumakabilang buhay.



Roku Jizō



Batō Kannon

### Batō Kannon

Batō Kannon ay isang klaseng "goddess of mercy" na pinaniniwalaan ng mga tao bilang tagatanod ng mga kabayo. Karamihan sa mga estatuwa ng Kannon ay gawa sa bato at pinapatungan ng ulo ng kabayo sa bandang ulo nito. Ito ay pasadyang gawa ng may-ari ng kabayo upang ipahinga ang espiritu ng kaniyang kabayong namatay.

### DōSojin (tagatanod ng komunidad)

Ang Sojin ay isang diyos na tagatanod sa boundary ng bayan, at pinaniniwalaan na tagapag-adya ng mga tao mula sa masamang espiritu at pinipigilang pumasok ang masamang espiritu sa loob ng bayan.

Dito sa Nihon Minkaen gumaganap ang iba't ibang palabas ng katutubong arte ng pagtatanghal at mga demonstrasyon o leksyon tungkol sa Minka (tradisyonal na bahay) at Mingu (tradisyonal na kagamitan) taon-taon. Ang mga impormasyon ukol sa mga araw ng ibento ay mastutunghayan sa newsletter ng Kawasaki city o ipinopost sa loob ng Minka-en. Halimbawa ng mga ibento ay ang mga sumusunod.

1. Nobyembre 3 bawat taon, may piyesta ng katutubong arteng pagtatanghal sa Entablado ng Funakoshi.
2. May demonstrasyon ng paggawa ng kagamitan tulad ng straw work, bamboo work, paghabi, at paggawa ng papel.
3. May leksyon na magkaugnayan sa tradisyonal na bahay, pagpapakilala at mga impormasyon ukol sa tahanan, kagamitan, at gamit pangbahay na nasa loob ng Minka-en.
4. Sa bahay ng Pamilya ng Kitamura at Hara, may mga eksibisyon uko sa mga ibento sa bansang hapon tulad ng dekorasyon para sa bagong taon, Hina-matsuri, at mga napapanahong at iba pa.
5. Sa Dentou Kougei kan, makikita ninyo ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtitina ng indigo.



1



2



5

## Oras ng pagbubukas

AM 9:30～PM 5:00 (PM 4:30 mula Nobyembre hanggang Pebrero)
※Huling oras ng pagpasok ay 30 minuto bago sumapit ang oras ng pagsasara.

## Bayad

Adulto…¥500
Mag-aaral na senior highschool at kolehiyo…¥300
65 taong gulang at pataas…¥300
65 taong gulang at nakatira sa loob ng Kawasaki City…Libre
Junior highschool student at pababa…Libre

※Grupo (higit sa 20 katao na kailangang magbayad)
Adulto…¥400
Mag-aaral na senior highschool at kolehiyo・65 taong gulang at pataas…¥240
(Para sa mga grupo, mangyaring makipag-ugnayan muna bago pumunta.)

## Mga araw na sarado

1. Lunes (Bukas kung ang lunes ay holiday)
2. Susunod na araw ng mga holidays (Bukas kung Sabado at Linggo)
3. Simula at katapusan ng taon


## Paunawa

1. Mangyaring makipag-ugnayan para sa nais gumawa ng mga sumusunod.
   a. Nais umakyat sa sahig ng Kominka at mag-siyasat.
   b. Nais mag-post ng mga larawan sa loob ng Minkaen o maglathala sa mga pablikasyon at iba pa.
2. Bawal kumuha ng larawang pang-komersyal sa loob ng Minka-en.
3. Bawal mag-sama ang anumang hayop sa loob ng Minka-en.
4. Mangyaring huwag manigarilyo, kumain at uminom sa labas ng lugar na itinakda para dito.

## Direksyon mula sa pinakamalapit na istasyon

- 13 minutong lakad mula sa istasyon ng Mukougaoka Yuen ng Odakyu line
- 25 minutong lakad mula sa istasyon ng Noborito ng JR Nambu line

〒214-0032
7-1-1, Masugata, Tama ward. Kawasaki City, Kanagawa Prefecture.
TEL 044-922-2181 FAX044-934-8652



sa loob ng Bahay ng pamilya Kitamura